


# Pahayagan ng Yaizu



TAGALOG(タガログ語)

QR code

## Pebrero (２月 Ni gatsu) / 2024 (令和 6 年 Reiwa 6 nen) /￥0


焼津市役所 (YAIZU SHIYAKUSHO) 市民協働課 (SHIMIN KYODO KA)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor
TEL: 054-626-2191 http://www.city.yaizu.lg.jp


Iskedyul ng Interpreter

【**Main branch**】Tagalog&Bisaya&English: Lunes-Biyernes 8:30am~5:00pm/ Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 8:30am~5:00pm/ Spanish: Lunes,Miyerkules~Biyernes 8:30am~4:30pm ※***12:00pm~1:00pm Walang Interpreter.***

【**Oigawa branch**】 Portuguese:Pebrero 1 &15(Ika-1 at Ika-3 na Huwebes) 8:30am~11:30pm
Tagalog･Bisaya･English:Pebrero 14 & 28(Ika-2 at Ika-4 na Miyerkules) 9:00am~11:30pm

## ■Pagsagawa ng dagdag na Pagsusuri para sa kanser sa baga at Tuberculosis■

(Kekkaku･Haigan kenshin wo tsuika de jisshi)

Magsasagawa ng karagdagang X-ray examination sa dibdib. Sa mga taong hindi nagawang magpasuri sa aktibong panahon, mangyaring sumabak sa mga araw na nakasulat sa ibaba. Hindi kailangan ng reserbasyon.

【Angkop】 Mga taong nakatira sa lugar ng Yaizu at higit sa 40 taong gulang at hindi napagkalooban ng pagkakataon makatanggap ng pagsusuri sa kompaniya atbp.

| Araw･Oras | Lokasyon |
|---|---|
| Pebrero 6(Martes) 9:00am~11:30am<br>1:30pm〜3:30pm | Aeon mall Yaizu<br>South-side Parking lot |
| Pebrero 9(Biyernes) 9:00am〜11:30am<br>1:30pm〜3:30pm | Yaizu City Hall Atore branch 1st floor<br>Shuken Hall |



【Bayad】 Libre ¥0（Sa taong nalalapat sa Sputum test:¥730）

【Dadalhin】 Sticker ticket sa pagtanggap ng Health Check-up, Medikal na Palatanungan:*monshinhyo*

Sa karagdagang detalye,pikitingnan ang natanggap na sticker ticket sa buwan ng Mayo o bisitahin ang Official website ng Yaizu city.

【Matatawagan】Seksyon ng Pangkalusugang Pag-aalaga(Yaizu-shi Kenko Zukuri-ka) ☏054-627-4111

## ■Pagsasanay sa paghatid ng Impormasyon ng Bansa sa pamamagitan ng Broadcast (Zenkoku issei joho dentatsu shiken) ■

Magsasagawa ng pagsasanay sa paghatid ng impormasyong pang-emerhensiya mula sa bansa sa pamamagitan ng wireless radio broadcast sa lungsod. Ito ay paghahanda para sa kalamidad tulad ng mga lindol, tsunami at armadong pag-atake. (Idadaan sa pag-brodkast lamang)

Mensahe ng Brodkast：♪Chime →「Kore wa, J-arato no tesuto desu(x3) (Ito ay praktis ng J-alert)」
→ 「Kochirawa, Koho Yaizu desu. (Mula sa Pahayagan ng Yaizu)」→♪Chime

Petsa at Oras: Pebrero 9(Biyernes) Mga 11:00 am

【Matatawagan】Seksyon sa Pagplano ng Prebensyon sa Sakuna (Bosai Keikaku-ka)
☏054-625-0128



## ■Paghulog sa Child-allowance(Jido teate no furikomi)■

2/14

Ang araw ng paghulog sa Child Allowance ay Pebrero 14(Miyerkules).
Ipapasok ang benipisyo sa sinaad na bangko para sa buwan ng Oktubre,2023〜Enero,2024.

【Matatawagan】 Seksyon ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata(Kosodate Shien-ka)
☏054-626-1137



## ■Sulit ang maagang pagbabayad at maagang diskuwento sa National Pension insurance premium■ (Kokumin nenkin hokenryo no zenno･hayawari)

Kapag inagahan ng 2 taon ang pagbabayad ng National Pension insurance premium mula sa direktang pagkaltas sa bangko o credit card (pagbayad ng maaga para sa 2 taong insurance premium) ,makakamura po tayo ng ¥15,000 sa 2 taon. Bilang karagdagan bukod sa 2 taong paunang bayad, mayroong ibang paraan tulad ng 6 na buwan na maagahang pagbabayad at 1 taong maagahang pagbabayad. Ang huling araw ng aplikasyon para sa maagang pagbabayad ay sa Pebrero 29(Huwebes). Magtanong para sa karagdagang detalye.

【Matatawagan】 Japan Pension Service Shimada Pension Office
(Nippon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho) ☏0547-36-2211

2/29



# Final Income Tax Return    Kakutei shinkoku

Ano nga ba ang Final Income Tax Return(Kakutei shinkoku)?

Ito ay isang proseso kung saan magsasagawa ng pagbilang ng natanggap na kita sa loob ng isang taon（Enero 1～Disyembre 31）, tinutukoy sa proseso na ito ang pagdeklara ng income tax at pagbayad. Ang taong kailangan magdeklara ay dapat lakarin ang proseso sa loob ng Pebrero 16(Biyernes)～Marso 15(Biyernes), isumite ang Final Income Tax Return form sa Tax office at bayaran ang income tax. Bilang dagdag,may pagkakataon din bumalik ang income tax na kinulekta sa sahod depende sa tao.

◇Taong kailangan magdeklara･･･Taong angkop alinman sa sumusunod ①～③

①Hindi ginawa ang Year-end Adjustment(Nenmatsu Chosei) sa kompanyang pinagtatrabahuan.

②Nagsumite ng Year-end Adjustment(Nenmatsu Chosei) sa kompanya subali't mayroong ibang deklarasyon na nais gawin katulad ng Dependent Deduction,Medical Expenses Deduction,Housing Loan Special Deduction atbp.

③Tapos ng magsumite ng Year-end Adjustment sa pinagtatrabahuang kompanya subali't nagkaroon ng ibang kita na higit sa halagang ¥200,000.

**Ano nga ba ang Year-end Adjustment:Nenmatsu Chosei?**

「Year-end Adjustment:Nenmatsu Chosei」 ang tawag sa pagdedesisyon sa halaga ng buwis sa isang taon sa pamamagitan ng pagkalkula ng kompanya sa katapusan ng taon ng suweldo at Income tax kapag nagtatrabaho sa isang kompanya. Kapag nakapagsumite ng Year-end Adjustment, hindi na kailangan gawin ang deklarasyon:Kakutei Shinkoku.Subali't kinakailangan ang deklarasyon:Kakutei Shinkoku kung may nadagdag sa sinusuportahang pamilya o deduksiyon, at taong may nais baguhin sa nilalaman ng naunang sinumite na Year-end adjustment atbp.




◇Panahon ng Pagdeklara: Pebrero 16(Biyernes)～Marso 15(Biyernes)
(Maliban sa Sabado,Linggo at National Holidays)

◇Oras ng Resepsyon: 9:00am～4:00pm

※Ang pagtanggap ay possible maagang matatapos depende sa dagsa na tao.

◇Lokasyon: General Sports Complex『Seagull dome(Shigarudomu)』
(Yaizu-shi Hofukujima 1050)

※Walang Interpreter.

※Huwag natin tawagan ang General sports complex para ating tanong.

※Sa mga taong nais lamang magsumite ng tax report form,isumite niyo Tax office sa pamamagitan ng koreo.

※Sa ganap na araw,mamimigay ng number ticket. Bilang karagdagan,maaaring gumawa ng maagahang reserba sa online mula sa National Tax Agency Official Line account .

◇Mga dadalhin

①Slipper panloob　②With-holding Tax slip:*Gensen Choshuhyo*

③Residence card:*Zairyu Kado*　④My number card　⑤Bank passbook o patunay ng bank account

⑥ Dokumento na magpapatunay ng nais idagdag na Deduksiyon（Resibo ng binayaran na Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan:Kokumin Kenko Hokenryo atbp.）

※ Kapag magdedeklara ng Medical Expenses Deduction,kailangan ang「Medical Expenses Deduction Detailed Statement:Iryohi Kojo no Meisaisho」. Hindi tatanggapin kung resibo lang ng Ospital. Ang detailed statement ay maaaring makuha mula sa website ng National Tax Agency o kaya ay kunin mula sa Sekyon ng Buwis:Kazei-ka.

**【Kailangang bagay para sa dependents na nakatira sa ibang bansa】**

･Dokumentong patunay na nagpapadala ng pera sa pamilya ng higit 380,000yen


･Dokumento na magpapatunay ng relasyon sa nasabing pamilya
（Halimbawa:Birth Certificate,Marriage Certificate）

※ Kapag alinman nito ay nakasulat sa wikang dayuhan,kailangan ng Japanese translation.

※Magtanong sa Fujieda Tax Office para sa karagdagang detalye tulad ng dadalhin na bagay.

Matatawagan: Fujieda Tax Office
Fujieda-shi Aoki 2-36-17　☎054-641-0680

**Mapa ng Venue**



## ■Benepisyo sa mga Pamamahay na mabababa ang kita(Teishotoku setai shien kyufukin) ■

Mamimigay ng ayuda sa mga pamamahay na nalalapat alinman sa ①②③upang matiyak na makakatanggap ang mga nangangailangan ng maagang tulong sa pag-angat ng presyo ng kuryente, gas at pagkain.

【Angkop】

① Pamamahay na ang buong kasapi ay Eksemtado sa pagbabayad ng Residence tax sa taong 2023(R5).
② Pamamahay na ang Residence tax ng buong kasapi sa taong 2023(R5) ay capita rate (5,400yen) lang.
③ Batang nasa edad 18 taong gulang pababa na binubuhay ng mga pamamahay ①②.

※Lahat ①②③,angkop ang taong rehistrado ang paninirahan sa Yaizu city noong Disyembre 1,2023.

※Alinman sa ①②,hindi kabilang ang Pamamahay na binubuo lang ng dependents ng taong may bayarin sa Residence tax.

【Halagang ibibigay】①70,000yen/bawat pamamahay ②100,000yen/bawat pamamahay
③ 50,000yen sa bawat isang bata ※ **Lahat ①②③ ay isang beses lang sa bawat pamamahay.**

【Paraan ng Aplikasyon】Sunod-sunod na ipapadala ang application papers sa mga taong naaangkop. Kapag natanggap niyo ito kumpirmahin ang nakasulat sa pinadalang application papers,punan ng kinakailangang bagay at ipadala pabalik.

※Maaaring i-download ang application papers mula sa Official website ng Yaizu city at mayroon din sa Tax-excempted Household Support Benefit Office. Sa karagdagang detalye,komunsulta lamang.




【Matatawagan】Yaizu City Tax-Excempted Household Support Benefit Office
(Yaizu-shi Hikazei Setai Shien Kyufukinshitsu)

【Lunes~Biyernes 8:30am~5:00pm】 ☏054-631-6363

3/5

## ■Bayarin sa Municipal tax(Shizei no nofu)■

Ang huling araw ng pagbayad sa Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei) 8th term ay **Marso 5(Martes)**. Huwag kalimutan ang pagbayad nito sa bangko o convenience store.

【Matatawagan】Seksyon ukol sa bayarin sa Buwis(Nozei Sokushin-ka) ☏054-626-2147

## ■Yaizu Shoko Kaigisho「Indibidwal na Konsultasyon sa pagpundar at pagtayo ng negosyo」(Yaizu shokokaigisho sogyo kigyo kobetsu sodan)■

Ang Kamara ng Komersiyo sa Yaizu:Yaizu Shoko Kaigisho ay bukas na tanggapan para sa konsultasyon ng mga taong nais magsimula ng sariling negosyo.



【Araw at Oras】Pebrero 18 (Linggo) 1:30pm～4:30pm
【Lugar】Yaizu Library Audio-visual room:Yaizu Toshokan Shichokakushitsu
【Kapasidad】3 ka tao
【Paraan ng Aplikasyon】Tumawag para sa aplikasyon hanggang Pebrero 9(Biyernes).
※Tumatanggap ng konsulta kahit sa weekdays. Magtanong sa karagdagang detalye.
【Matatawagan】Kamara ng Komersiyo sa Yaizu (Yaizu Shoko Kaigisho) ☏054-628-6251

## ■Halina't mag-aral tayo ng salitang Nihongo sa Japanese class■

Sa Yaizu,mayroong silid-aralan kung saan malilibang at makaka-aral ng wikang Nihonggo ang mga dayuhan na nakatira sa lokalidad. Libre ang tuition fee.
Kahit kailan ay maaaring mag-umpisa. Sa mga interesadong tao,tumawag lamang.




### 焼津日本語教室(MINATO)
Yaizu Nihongo Kyoshitsu

● Araw at Oras: Kada Ika-1 ~ Ika-4 na Biyernes 7:00pm～9:00pm
●Lugar: Sentro ng Komunidad sa Minato
Minato Kominkan
(Yaizu-shi Ishizuminatocho 40-1)
●Matatawagan:Yaizu Nihongo class
Namumuno：Suzuki TEL:090-4466-8094

### やいづにほんご教室(OMURA)
Yaizu Nihongo Kyoshitsu

●Araw at Oras: Kada Ika-2 at Ika-4 na Sabado 10:00am～11:30am
●Lugar：Sentro ng Komunidad sa Omura
Omura Kominkan(Yaizu-shi Daikakuji 3-5-5)
●Matatawagan:Yaizu Nihongo class
Yaizu Nihongo Kyoshitsu
Namumuno: Muramatsu TEL:090-6333-9474

## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo.

| Konsulta | Araw at Oras | Matatawagan | Nilalaman |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa bayarin ng Buwis<br><br>**【Pebrero】** | 【Lunes~Biyernes】<br>9:00am~12:00pm,1:00pm~5:00pm<br>【Konsulta sa Huwebes (gabi)】<br>←Walang Interpreter.<br>**Pebrero 1,8,15,22,29**<br>5:15pm～8:00pm<br><br>【Konsulta sa Linggo】<br>**Pebrero 25**<br>9:00am~12:00pm,<br>1:00pm~4:00pm | Yaizu City Hall<br>(Yaizu Shiyakusho)<br>Seksyon ukol sa bayarin ng buwis<br>(Nozei Sokushin-ka)<br>☏054-626-1140<br>☏054-626-2148 | Kapag hindi mababayaran ang buwis sa nakatakdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta.<br>※May interpreter sa wikang Tagalog,Bisaya,English,Portuguese sa araw ng linggo.<br>※Magbabago ang oras simula sa buwan ng Abril.<br>**【Konsulta sa Huwebes/gabi】**<br>5:15pm~7:00pm<br>**【Konsulta sa Linggo】**<br>9:00am~12:00pm |
| **VISA** | Lunes~Biyernes<br>8:30am~5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☏0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proseso ng pananatili (English・Korean・Chinese・Spanish atbp.) |

## ■Iskedyul ng Ospital at Botika sa Linggo at Holiday (Pebrero)■ ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am～5:00pm(Ang may marka na ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista: 9:00am~3:00pm】

**【 4 (Linggo) 】** NAI-KA(Internal Medicine) /GE-KA(External Medicine) /FUJIN-KA(Gynecology) Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☏627-5585 SHONI-KA(Pediatric) Horio shonika (Nishikogawa 2) ☏ 626-5500 JIBI-KA(Otolaryngology) Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☏ 634-1331 SHI-KA(Dentistry) Kawamura shika clinic (Munadaka) ☏ 622-8141 YAKKYOKU(Pharmacy) Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☏620-8844

**【 11(Holiday) 】** NAI-KA(I.M) Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☏ 620-9191 SHONI-KA(Pediatric) Sone shonika (Gokahorinouchi) ☏620-8814 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Yokoyama shokaki naika☆(Shimokosugi) ☏622-0045 GE-KA(E.M) Kanai seikeigeka (Omura 2) ☏621-1211 JIBI-KA(Otolaryngology) Tanaka jibika (Oyaizu) ☏ 621-5888 SHI-KA(Dentistry) Kogawa yamada shika (Kogawashinmachi 2) ☏639-6690 YAKKYOKU(Pharmacy) Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☏621-7200, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☏639-6277, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☏626-5000, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☏620-7500, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☏664-2151

**【 12(Holiday) 】** NAI-KA(I.M) Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☏ 621-1111 SHONI-KA(Pediatric) Honda shonika iin (Daieicho 2) ☏628-0113 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Sakurai iin☆(Kamishinden) ☏622-0122 GE-KA(E.M) Taniguchi seikei geka iin (Koyashiki) ☏627-2020 JIBI-KA(Otolaryngology) Fujieda shinryojo☆(Fujieda-shi Takasu) ☏ 635-8749 SHI-KA(Dentistry) Matsumoto shika (Yanagiaraya) ☏627-4182 YAKKYOKU(Pharmacy) Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☏ 631-6090, Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☏629-8862, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☏622-3408

**【18(Linggo)】** NAI-KA(I.M) Fukumura clinic (Daieicho 2) ☏627-1228 SHONI-KA(Pediatric) Koido clinic (Yaizu 4) ☏627-0339 GE-KA(E.M) Koido icho clinic (Kohiji) ☏621-5100, Yoshida iin☆(Riemon) ☏622-0108 GAN-KA(Ophthalmology) Yaizu kogawa ganka (Higashikogawa 2) ☏626-8860 SHI-KA(Dentistry) Ishida shika iin (Ozumi) ☏628-3376 YAKKYOKU(Pharmacy) Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☏629-8862, Akagi yakkyoku kogawa-ten (Higashikogawa 2) ☏626-5300, Oigawa fureai yakkyoku (Riemon) ☏662-0411

**【23(Holiday)】** NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Ashida clinic (Yosoji) ☏623-5656 GE-KA(E.M) Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☏ 620-3717 JIBI-KA(Otolaryngology) Fujieda jibika☆(Fujieda-shi kamiyabuta) ☏648-1000 SHI-KA(Dentistry) Ai shika clinic (Daikakuji 1) ☏626-8841 YAKKYOKU(Pharmacy) Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☏621-4606

**【 25(Linggo) 】** NAI-KA(I.M) Itaya clinic (Kohiji) ☏ 621-5200 SHONI-KA(Pediatric)/JIBI-KA(Otolaryngology) Nakagami iin (Nakashinden) ☏623-0805 GE-KA(E.M) Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☏ 656-2221 SHI-KA(Dentistry) Kameyama shika iin (Gokahorinouchi) ☏ 626-5233 YAKKYOKU(Pharmacy) Friend yakkyoku (Nakashinden) ☏624-9390, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☏623-3939

### ■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

Lugar: Shida Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta(Fujieda-shi Setoaraya 362-1) ☏054-644-0099
Departamento: Medikong Internal, Pedia
Oras:Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm~ kinaumagahan ng 7:00am)
※Sa susunod na araw mula 10:00pm,sa pedia lang makakapagpatingin
**＜Pebrero 3 (Sabado),11(Linggo),17 (Sabado),25(Linggo) Marso 2(Sabado)＞**

